Pangalan: ___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagbubuod ng Pinakinggang Teksto**

**I. PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Sa pagsulat ng buod, mahalagang makuha ang _______ ng tekstong nabasa, napakinggan, o napanood.

a. Balangkas b. Pangunahing kaisipan c. Susing salita d. Sumusuportang detalye

2. Ito ang katangian ng buod o lagom na nagsasabing ito ay hindi dapat paligoy-ligoy.

a. Lokal b. Malaya c. Maikli d. Malinaw

3. Ito ang katangian ng buod o lagom na nagsasabing ang mga kaisipang inilahad sa buod ay dapat magkakaugnay.

a. Lokal b. Malaya c. Maikli d. Malinaw

4. Ito ang katangian ng buod o lagom na nagsasabing ito ay nakatatayong mag-isa.

a. Lokal b. Malaya c. Maikli d. Malinaw

5. Alin sa sumusunod ang pinakawastong kahulugan ng buod?

a. Ito ay solusyon sa suliranin.
b. Ito ay paksa ng buong talata.
c. Ito ay mga pangyayari sa kuwento.
d. Ito ay pinaikling bersiyon ng isang teksto.

6. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng buod o lagom?

a. Ito ang pinaikling bersiyon ng teksto.
b. Ito ang pinakamahalagang kaisipan ng teksto.
c. Ito ay uri ng pagsulat na naglalaman ng maiigting na pangyayari.
d. Ito ay balangkas na nagpapakita ng pangunahing kaisipan at detalye.

7. Kapag ang buod ay maikli, ito ay nangangahulugang ____________.

a. hindi paligoy-ligoy
b. naglalaman ng iilang kaisipan
c. nawawala ang diwa ng orihinal na teksto
d. malinaw ang pagkakalahad ng bawat detalye

8. Kapag ang buod ay malaya, ang ibig sabihin ay ____________.

a. hindi paligoy-ligoy
b. magkakaugnay ang mga kaisipan
c. malinaw ang pagkakalahad ng mga kaisipan
d. hindi dapat nawawala ang diwa ng orihinal na teksto

9. Alin sa sumusunod ang **hindi** dapat isaalang-alang sa pagsulat ng buod?

a. Iwasang maglagay ng sariling opinyon, halimbawa, o ebidensiya.
b. Gumamit ng simple at sariling pananalita sa paglalahad ng buod.
c. Tandaan na ang buod ay kasing-ikli lang ng sangkatlo o 1/3 ng teksto.
d. Isulat ang pinakamahalagang detalye sa pinakaitaas at ang hindi importante sa pinakaibaba.

10. Ano ang inilalagay sa gitna ng *mind map*?

a. Paksa
b. Susing salita
c. Pangunahing kaisipan
d. Pantulong na kaisipan